



## COVID-19: Kaligtasan sa Paglilinis at Pag-disinfect at Mga Naaprubahang Disinfectant

Na-update noong Disyembre 1, 2020

Nakabatay ang mga rekomendasyong ito sa kasalukuyang kaalaman tungkol sa COVID-19 at ia-update ang mga ito kung kinakailangan at kung magkakaroon na ng karagdagang impormasyon.

**Nilalayong audience:** Mga indibidwal, negosyong hindi para sa pangangalagang pangkalusugan, at Mga Ahensya ng Lungsod na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan.

### MGA REKOMENDASYON

#### Kaligtasan:

- S1. Gamitin ang kagamitan para sa kaligtasan na nakasaad sa label ng produkto at sa Sheet ng Datos sa Kaligtasan (Safety Data Sheet, SDS).
- S2. Palaging magsuot ng mga guwantes kapag naglilinis at nagdi-disinfect. Mas mainam ang mga disposable na guwantes; itapon ang mga guwantes pagkatapos ng bawat paglilinis. Hugasan at patuyuin ang labas ng mga reusable na guwantes. Maghugas kaagad ng mga kamay pagkatapos mong alisin ang iyong mga guwantes.
- S3. Magsuot ng proteksyon sa mata (goggles, face shield, o safety glasses) kung nages-spray ka ng mga kemikal para sa paglilinis sa mga lugar na mas mataas sa iyong balikat o kung puwede kang matalsikan o matapunan.
- S4. Magsuot ng shirt na may mahabang manggas, o iba pang kasuotang makakaprotekta sa iyong mga braso.
- S5. Tiyaking maayos ang bentilasyon habang ginagamit ang produkto sa paglilinis. Buksan ang mga bintana o pintong direktong sa labas.
- S6. Para sa mga concentrated na produktong nangangailangan ng pagpapalabnaw, huwag gamitin ang produkto nang sobra sa tinukoy sa label. Ang paggamit ng mas maraming produkto ay hindi nakakatulong sa paglilinis, at puwedeng magdulot ng mga panganib sa iyo at sa iba pang tao sa lugar.
- S7. Huwag gumamit ng alcohol para sa paglilinis dahil puwede itong magpasimula ng sunog.

#### Pangkalahatang Impormasyon:

- G1. Kung marumi ang mga surface, dapat linisin ang mga ito gamit ang detergent o sabon at tubig bago i-disinfect.
- G2. Sundin ang mga tagubilin sa label para sa ligtas na paggamit. Pagtuunan ang tagal ng contact na kinakailangan para gumana ang isang disinfectant, dahil may mga produktong kailangang gamitin nang 10 minuto.

#### Mga Naaprubahang Disinfectant:

- D1. Kung available, gumamit ng mga disinfectant na may pag-aprubang “Emerging Viral Pathogen” (EVP) sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ng US (“claim”).
    - Makakakita ng hindi kumpletong listahan ng mga produkto na may ganitong pag-apruba sa <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>.
    - Madalas ilita ng mga manufacturer ng produkto ang mga produktong may pag-aprubang EVP sa kanilang mga website.
    - Puwede ring tukuyin ng mga kinatawan ng manufacturer kung may pag-apruba ng EVP ang mga produkto.
  - D2. Kung walang available na disinfectant na naaprubahan bilang EVP, gumamit ng dilute na chlorine bleach solution mula sa:
    - 5 kutsarang (1/3<sup>rd</sup> na tasang) bleach bawat galon ng tubig o 4 na kutsaritang bleach bawat quart ng tubig **Sukatin ang gagamiting bleach;** huwag itong “tanyahin” o basta na lang ibuhos. Kung labis ang concentration ng mga bleach solution, puwedeng mairita ang baga, lalo na sa mga taong may ubo o mga sakit sa respiratory tract. **Ang sinumang may hika ay dapat umiwas sa bleach o mga produktong may bleach.**
- Dapat panatilihin ang solution na ito sa mga surface sa loob ng hindi bababa sa isang minuto para umepekto ito.



---

## **MGA RESOURCE**

Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):

Paglilinis at Pag-disinfect ng Iyong Pasilidad

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html>